Republic of the Philippines
Province of Cavite
OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN
Trece Martires City

EXCERPTS FROM THE MINUTES OF THE 19TH REGULAR SESSION OF THE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN, PROVINCE OF CAVITE HELD ON JULY 01, 2002 AT THE NEW SESSION HALL, CAPITOL BUILDING, TRECE MARTIRES CITY

PRESENT:

Hon. Juanito Victor C. Remulla, Jr.	Vice-Governor/Presiding Officer
Hon. Dominic R. Tolentino	Majority Floor Leader
Hon. Cesario R. del Rosario, Jr.	Asst. Majority Floor Leader
Hon. Hilda P. Mendoza	Sanggunian Member
Hon. Rafael S. Rodriguez	Sanggunian Member
Hon. Strike B. Revilla	Sanggunian Member
Hon. Teodoro S. Sanchez	Sanggunian Member
Hon. Iluminada F. Silao	Sanggunian Member
Hon. Hermogenes C. Arayata III	Sanggunian Member
Hon. Bernard Michael I. Bautista	Sanggunian Member
Hon. Alex L. Advincula	Sanggunian Member
Hon. Arleen C. Arayata	ABC Prov'l. Fed. Pres.
Hon. Jose Rozel E. Hernandez	SB Prov'l. Fed. Pres.
Hon. Francisco T. Mendoza, Jr.	SK Pro'l. Fed. Pres.

ABSENT:
NONE

RESOLUTION NO. 232-S-2002

KAPASIYAHAN SA MAAYOS NA PANGANGASIWA, PAGTITIPON, AT PAGTATAPON NG BASURA NG MGA OSPITAL, PRIBADO MAN O PUBLIKO, MALILIIT NA PAGAMUTAN, KLINIKA, LABORATORYO, AT PUNERARYA, AT IBA PANG KAURI NITO SA LALAWIGAN NG CAVITE. (Akda Nina: Kgg. Bernard Michael I. Bautista, Kgg. Dominic R. Tolentino, Kgg. Iluminada F. Silao, Kgg. Rafael S. Rodriguez at Kgg. Alex L. Advincula)

SAPAGKAT, ayon sa mga pag-aaral na ginagawa hinggil sa basura ng mga ospital, pribado man o publiko, malilliit na pagamutan, klinika, laboratoryo, at punerarya, at iba pang kauri nito, ito'y nagdudulot ng suliranin sa kalusungan at polusyon sa likas yaman at kapaligiran, sapagka't ito'y nagtataglay ng mga "bacteria" at "virus" na nakakahawa at may sangkap ng "radio active" buo man ito o/at lusaw.

SAPAGKAT, ang ilan sa mga ospital, pribado man o publiko, malilliit na pagamutan, klinika, laboratoryo, at punerarya at iba pang kauri nito, ay may sariling "incinerator" ngunit walang Environmental Compliance Certificate Permit mula sa Department of Environment and Natural Resources at ang iba naman ay nagsusunog ng kanilang basura sa loob ng kanilang bakuran na nagdudulot ng polusyon sa kapaligiran at mapanganib sa kalusugan ng mamamayan;

- over -

SAPAGKAT, ayon sa mga pag-aaral na ginawa, ang mga ospital, pribado man o publiko, maliliit na pagamutan, klinika, laboratoryo, at punerarya at iba pang kauri nito ay hindi ganap na nakatutupad sa pamantayang itinakda ng pamahalaan hinggil sa maayos na pangangasiwa, pagtitipon at pagtatapon ng nabanggit na uri ng basura;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Panlalawigan ng Cavite ay buong pagkakaisang pinagpasyahan ang kautusan hinggil sa maayos na pangangasiwa, pagtitipon, at pagtatapon ng basura ng mga ospital, pribado man o publiko, maliliit na pagamutan, klinika, laboratoryo, at punerarya, at iba pang kauri nito sa lalawigan ng Cavite.

PANLALAWIGANG KAUTUSAN BLG. 2002-001

SEKSIYON 1. PAMAGAT – Ang kautusang ito ay makikilalang "Kautusan sa maayos na Pangangasiwa, Pagtitipon at Pagtatapon ng Basura ng mga Ospital; Pribado man o Publiko, Maliliit na Pagamutan, Klinika, Laboratoryo at Punerarya at iba pang kauri nito sa Lalawigan ng Cavite at nagtatakda ng kaparusahan sa hindi pagtupad sa itinadhana nito;

SEKSIYON 2. ALITUNTUNIN – Ang kautusang ito ay nagsasaad ng alituntuning mapangalagaan ang kalusugan ng mga manggagawa at ng pasyente sa lahat ng ospital; pribado man o publiko, maliliit na pagamutan, klinika, laboratoryo at punerarya at iba pang kauri nito sa Lalawigan ng Cavite; mapangalagaan ang kalusugan ng mga mamamayan, ang likas yaman at kapaligiran ng Lalawigan Cavite.

SEKSIYON 3. PAG-UURI - Pag-uuri ng dumi o/at basura ng mga ospital, pribado man o publiko maliliit na pagamutan, klinika, laboratoryo at punerarya at iba pang kauri nito sa Lalawigan ng Cavite;

a. TUYONG BASURA – uri ng basura na nakukuha sa mga pinagbalutan ng gamit at iba pang kauri nito, na mauuring hindi pinamamalagian ng anumang "bacteria" at "virus" na maaring sanhi ng anumang sulranin sa kalusugan, at iba pang nakakahawang sakit.

b. BASANG BASURA – uri ng basura na nakukuha sa mga kantina at kusina gaya ng mga tirang pagkain galing halimbawa sa "Dietary Section" at silid palikuran ng mga ospital, maliliit na pagamutan, klinika, laboratoryo, punerarya at iba pang kauri nito.

- over -

c. MATUTULIS AT MATATALIM NA BAGAY (Sharps) – uri ng basura na gaya ng karayom, "blades", scalpel", pako, basag na bote, basag na "slides, at iba pang kauri nito;

d. CLINICAL WASTE – mga basura na galing sa panggagamot at pag-aalaga sa maysakit at iba pang uri ng panggagamot, pananaliksik at pagsisiyasat sa mga katutubong lason, at mga bagay na maaring makahawa ang nilalaman. Ang mga basurang ito ay katulad ng "tissue" ng tao at hayop, mga "excretions" gaya ng ihi, dumi, mga bulok, sira o maduming gamot, mga bulak at gasa, mga "disposable" na instrumento at kagamitan sa operasyon, at iba pang kauri nito'

e. PATHOLOGIGAL WASTE – mga basurang galing sa katawang tao; tulad ng lamang-loob ng tao na galing sa pagkaopera, sa "biopsy" at awtopsiya, kasama rin dito ang iba pang bahagi ng katawan ng tao at hayop, dugo at iba pang kauring "fluid" na galing sa katawan ng tao.

SEKSIYON 4. Sistema sa pagtitipon o pangongolekta ng basura ng mga ospital pribado man o publiko maliliit na pagamutan, klinika, laboratoryo punerarya at iba pang kauri nito sa Lalawigan ng Cavite;

a. Itim na Supot – para sa tuyong basura na isinasaad sa Seksyon 3. a.
b. Luntiang Supot - para sa basurang isinasaad sa Seksyon 3. b.
c. Dilaw na Supot - para sa basurang isinasaad sa:

c. a. Seksiyon 3. k: Matutulis at Matatalim na bagay (sharps) – isisilid muna sa lalagyang hindi mababutas; gaya ng mga basyo ng bote ng suwero at iba pang kauri nito, bago ipaloob sa supot

c. b. Seksiyon 3.d: "Clinical Waste" – Isisilid sa supot at lalagyan ng apog at iba pang kemikal na makapipigil sa pagsingaw ng amoy nito at pagkatapos ay ipaloob naman sa "Plastic Container" na parehong kulay ng supot at may "label" na "Clinical Waste". Maari namang ang ihi at dumi ng pasyente na may nakakahawang sakit, ay itapon sa inidoro ngunit kailangang ito'y (TIMPLAHAN NG 5% SOLUTION NG "PHRENOL O CRESOL" SA ISANG LALAGYANG PLASTIK O LATA NA MAY TAKIP) patagalin muna sa loob ng isang oras upang madisinpekta bago itapon sa inidoro.

k. k Seksiyon 3. e: "Pathological Waste" – isisilid sa supot at lalagyan ng apog at iba pang kemikal na makakapigil sa pagsingaw ng amoy nito at pagkatapos ay ipaloob sa "plastic container" na parehong kulay ng supot na may "label'" na "Pathological Waste";

- over -

SEKSIYON 5. INCINERATOR – Ang mga ospital, pribado man o publiko maliliit na pagamutan, klinika laboratoryo at punerarya, at iba pang kauri nito sa Lalawigan ng Cavite, na may sariling "incinerator" ay dapat tumupad sa pamantayang ito:

a. Ang "incinerator" ay epektibong nakasusunog ng basura ng hindi bababa sa 80% porsiyento sa isang sunugan. Ang abo ng basurang sinunog ay maari ng itapon sa pampublikong tapunan ng basura;

b. May sapat na bakuran para sa "incinerator" na kung saan ito'y nakalugar sa may layong 50 metro mula sa alinmang gusali ng ospital, maliliit na pagamutan, klinika, laboratoryo at punerarya at iba pang kauri nito at may 200 metro naman ang layo sa mga kabahayan;

SEKSIYON 6. IBA PANG TEKNOLOHIYA SA PAGTATAPON NG BASURA – ANG IBANG OSPITAL PRIBADO MAN O PUBLIKO, MALILIIT NA PAGAMUTAN KLINIKA, LABORATORYO PUNERARYA AT IBA PANG KAURI NITO NA WALANG INCINERATOR AY MAARING GUMAMIT NG IBANG TEKNOLOHIYA SA PAGTATAPON NG BASURA TULAD NG "HAULING", "PYROLYSIS" AT IBA PA, NGUNIT KINAKAILANGANG SIGURUHIN NA ANG TEKNOLOHIYANG GAGAMITIN AY YAONG "ENVIRONMENT-FRIENDLY"

SEKSIYON 7. ALOKASYONG PONDO – Ang lahat ng ospital pribado man o publiko, maliliit na pagamutan, klinika, laboratoryo at punerarya at iba pang kauri nito ay dapat maglaan ng tiyak at sapat na halaga para pagpatupad ng kautusang ito;

SEKSIYON 8. KAPARUSAHAN – Ang hindi pagtupad sa alinmang probisyon at paglabag sa alinmang itinatadhana nito ay papatawan ng sumusunod na kaparusahan:

a. (PARA SA PRIBADONG OSPITAL, MALILIIT NA PAGAMUTAN, MALILIIT NA PRIBADONG KLINIKA, PRIBADONG LABORATORYO, PUNERARYA AT IBA PANG KAURI NITO, SA UNANG PAGLABAG PA LAMANG AY MAGKAKAROON NA NG MASUSING PAGSISIYASAT NA ISASAGAWA NG ISANG "FACT FINDING COMMITTEE" KAPAG NAPATUNAYANG LUMABAG SA KAUTUSANG ITO AY PAPATAWAN NG MULTA NA HINDI HIHIGIT SA DALAWANG-LIBO'T LIMANGDAANG PISO (P2,500). SA IKALAWANG PAGLABAG AY MAGMUMULTA NG HINDI HIHIGIT SA TATLONG LIBONG PISO (P3,000) AT IREREKOMENDA ANG PANSAMANTALANG PAGPAPAWALANG-BISA NG PERMISO SA PAMAMALAKAD; SA IKATLONG PAGLABAG AY MAGMUMULTA NG HINDI HIHIGIT SA LIMANG LIBONG PISO AT IREREKOMENDA ANG PERMANENTENG PAGPAPAWALANG-BISA NG PERMISO SA PAMAMALAKAD

- over -

b. Para sa pampublikong ospital maliliit na pampublikong pagamutan, pampublikong klinika, pampublikong laboratoryo at punerarya at iba pang kauri nito na pag-aari ng pamahalaan at itinuturing na pampubliko, sa unang paglabag pa lamang ay magkakaroon ng masusing pagsisiyasat, na isasagawa ng isang "fact finding committee" upang tiyaking makatarungan ang paghuhusga at sasampahan ng kasong administratibo ang sinumang bahagi ng paglabag sa kautusang ito na kung saan ay awtomatikong sususpindihin sa tungkulin;

Ang "fact finding committee" ay bubuuin ng pinagsanib na tig-apat sa mga kinatawan ng Panlalawigang Tanggapan ng Kalusugan at Panlalawigang Ahensiya ng Department of Environment and Natural Resources sa rekomendasyon ng kani-kanilang mga puno ng tangapan at magkakabisa sa pagbibigay-kapangyarihan ng Punong-Lalawigan;

SEKSIYON 9. PATUTUNGUHAN NG MULTA – Ang multa ay lilikumin ng Tanggapan ng Panlalawigang Ingat-Yaman, may patunay sa pamamagitan ng resibo na may lagda ng Panlalalawigan Ingat-Yaman, lipunin ang malilikom na multa upang maging "Special Fund" para sa higit pangpapatupad at pagpapalaganap ng kautusang ito.

SEKSIYON 10. TANGAPAN NG AHENSIYANG TAGAPAGPATUPAD – Ang Panlalawigang Tanggapan sa Kalusugan at Panlalawigang Ahensiya ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) (AT SA LAHAT NG PAMAHALAANG PANGLUNSOD AT PAMBAYAN NA NASASAKUPAN NG LALAWIGAN) ay inaatasang magkatuwang na ipatutupad ang itinadhana ng kautusang ito;

SEKSIYON 11. PROBISYON SA PERMISO AT LISENSIYA – Ang alinmang ospital, pribado man o publiko, maliliit na pagamutan, klinika, laboratoryo at punerarya ay hindi bibigyan ng pahintulot ng Tanggapan ng Panlalawigang Ingat-Yaman maging bago man pa lamang o "renewal' ng permiso at lisensiya ng walang "clearance" mula sa Panlalawigang Tanggapan sa Kalusugan at Panlalawigang Ahensiya ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) hinggil sa itinatadhana ng kautusang ito;

SEKSIYON 12. PAGHIHIWALAY NA SUGNAY – Ang alinmang probisyon sa kautusang ito na mapatunayang lumabag sa saligang batas at pinawawalang bisa ay hindi nangangahulugang ng pagkawalang bisa ng ibang probisyon at mananatiling may bisa at umiiral;

- over -

SEKSIYON 13. PAGKAKABISA – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos ang labinglimang (15) araw makaraang ito ay mapagtibay at makaraang ilathala sa mga "bulletin board" ng pamahalaan at pahayagang may malawak na sirkulasyon.

PINAGTITIBAY NGAYONG Ika- **1 ng Hulyo** taong **2002** Trece Martires City, Cavite.

UNANIMOUSLY APPROVED.

JUANITO VICTOR C. REMULLA, JR.
Vice-Governor/Presiding Officer

DOMINIC R. TOLENTINO
Majority Floor Leader

HILDA P. MENDOZA
Sanggunian Member

CEASARIO R. DEL ROSARIO, JR.
Assistant Majority Floor Leader

RAFAEL S. RODRIGUEZ
Sanggunian Member

STRIKE B. REVILLA
Sanggunian Member

TEODORO S. SANCHEZ
Sanggunian Member

ILUMINADA F. SILAO
Sanggunian Member

HERMOGENES C. ARAYATA III
Sanggunian Member

BERNARD MICHAEL I. BAUTISTA
Sanggunian Member

ALEX L. ADVINCULA
Sanggunian Member

JOSE ROZEL E. HERNANDEZ
SB Prov'l. Federation President

ARLEEN C. ARAYATA
ABC Prov'l. Federation President

FRANCISCO T. MENDOZA, JR.
SK Prov'l. Federation President

ATTESTED:

ROMEO C. MENDOZA
Provincial Secretary

APPROVED:

AYONG S. MALIKSI
Provincial Governor

RCM/lmc